

2012 Halalan ng Konsehong Lehislatibo

Maikling Impormasyon sa Pagboto

Araw at Oras ng Pagboto

- Ika-9 Setyembre 2012 (Linggo)
- 7:30 n.u. - 10:30 n.g.

Pagboto

- Ang bawat rehistradong botante ay maaaring bumuto ng 1 boto batay sa pinagmulan ng botante (“GC”) at 1 boto batay sa pangangailangan ng botante (“FC”).
- Ang bawat botante o awtorisadong kinatawan (“AR”) ay bibigyan ng isang nakatalagang istasyon ng botohan.
- Isang kard sa pagboto na nagpapakita ng nakatalagang istasyon ng botohan ang ibibigay sa bawat botante o mga AR 10 araw bago dumating ang araw ng botohan.
- Babanggitin sa mapa na kalakip ng kard sa pagboto kung ang istasyon ng botohan na itinalaga sa isang botante o sa AR ay magagamit ng taong may kapansanan sa paglakad. Kung ang mga botante/ mga AR na may kapansanan ay natuklasang ang itinalagang istasyon ng botohan ay hindi madaling madaanan, maaari silang mag-aplay sa Registration and Electoral Office upang makaboto sa itinalagang natatanging istasyon ng botohan na madadaan ng mga gumagamit ng wheelchair sa pamamagitan ng fax (2891 1180) o sa telepono (2891 1001) ng hindi lalampas ng ika-4 Setyembre 2012. Kung ang mga botante/ mga AR ay mangangailangan ng tulong hingil sa interpretasyon ng impormasyon sa pagboto, sila ay maaaring tumawag sa CHEER sa pamamagitan ng mga sumusunod na hotline simula ika-27 Agosto 2012.

Wika	Numero ng Hotline
Bahasa Indonesia	3755 6811
Tagalog	
Thai	
Hindi	3755 6822
Nepali	
Urdu	3755 6833

Paano bumoto?

- Dalhin ang inyong HKID card sa istasyon ng botohan at ipakita sa kawani.
- Ikaw ay bibigyan ng 1, 2 o 3 magkakaibang mga balota, depende sa nararapat, at isang paper board na may kasamang a chop na may "✓". Isang itim na panulat ang ibibigay sa botante/ sa AR sa apat na natatanging mga FC.
- Markahan ang iyong (mga) balota sa loob ng silid na botohan.
- Sundin ang lahat ng mga panutong ibinigay ng mga kawani sa pagboto at nakalimbag sa (mga) balota at lahat ng mga paunawa sa loob ng silid na botohan, hal. ang GC at ang FC (maliban sa apat na natatanging mga FC) na botante ay kinakailangan lamang markahan ng chop ang (mga) balota sa bilog ng talaan ng mga kandidato o sa tapat ng pangalan ng kandidato na kanyang pinili.
- Kung ikaw ay nagkamali, mangyaring isaui ang (mga) balota sa Presiding Officer at humingi ng kapalit.
- Pagkatapos markahan ang balota:
 - (a) ang botanteng GC ay kinakailangang isang beses na itupi ng paloob upang maitago ang "✓" na marka at ihulog ito sa asul na kahon ng balota;
 - (b) ang botanteng FC ng Konseho ng Distrito (pangalawa) ay kailangan ding isang beses na itupi ng paloob ang balota at pagkatapos ay ihulog ito sa puting kahon ng balota; at
 - (c) ang botante ng ibang mga FC ay hindi kinakailangan itupi ang balota. Dapat niya itong itaob at ilakip ito sa pulang kahon ng balota.

Malinis na Halalan

Ang botante ay nakagawa ng kriminal na pagkakasala kung siya ay:

- humihingi o tumatanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang natatanging kandidato o natatanging talaan ng mga kandidato; o
- gumagamit o nagbabanta na gumamit ng dahas o pananakot para impluwensiyahan ang desisyon ng sinumang bomoto.

2012 Halalan ng Pambatasang Konseho

1+1 = Dalawang Boto

Sa Halalan ng Pambatasang Konseho sa Setyembre 9 ngayong taon, ang bawat botante ay magkakaroon ng dalawang boto – **isa** para sa heograpikong konstityuwensa at **isa** para sa functional na konstityuwensa.

Sa araw ng botohan, mahigit sa 3.2 milyong mga botante ay mayroong dalawang boto – **isa** para sa listahan ng kandidato sa heograpikong konstityuwensa, at **isa** para sa ibang listahan ng kandidato sa **bagong functional na konstityuwensa ng Konseho ng Distrito (pangalawa)** (karaniwang tinutukoy bilang “ mga super seat”).

Itong bagong functional na konstityuwensa ay itinuturing ang Hong Kong bilang isang **nag-iisang konstityuwensya**. **Ang mga kandidato ay hinirang mula sa inihalal na mga miyembro ng Konseho ng Distrito.**

Sa araw ng botohan, ang mga botante ay dapat gumamit ng pantatak upang markahan ng “ ✓” ang **asul na balota ng heograpikong konstityuwensya** at pagkatapos ay ipasok ito sa **asul** na kahon ng balota.

Dapat din silang gumamit ng pantatak upang markahan ng “✓” ang **puting balota** ng **functional na konstityuwensa ng Konseho ng Distrito (pangalawa)** at ipasok ito sa **puting** kahon ng balota.

Isang boto lamang sa bawat balota.

Para sa mga Katanungan: 2891 1001

Websayt: www.elections.gov.hk